HealthPlan OF SAN MATEO
Healthy is for everyone

ABISO SA MGA PAMAMALAKAD HINGGIL SA PAGKAPRIBADO NG IMPORMASYON

Magkakabisa: ika-14 ng Abril 2003

Nirebisa: Mayo 1, 2018

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAGAGAMIT AT MAISISIWALAT ANG INYONG IMPORMASYONG MEDIKAL. INILALARAWAN DIN NG ABISONG ITO KUNG PAANO KAYO MAKAKUKUHA NG PAMAMARAANG MAKAGAMIT NG IMPORMASYONG ITO. PAKIREPASO ITO NANG MABUTI.

Bakit Ko Natanggap ang Abisong ito?

Naiintindihan ng Health Plan of San Mateo (HPSM) na personal ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. May pananagutan kami na protektahan ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Naglalaman ang abisong ito ng buod ng mga pamamalakad ng HPSM sa pagkapribado ng impormasyon at ng inyong mga karapatan kaugnay ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Sakop lamang ng abisong ito ang pamamalakad ng HPSM hinggil sa pagkapribado ng impormasyon. Posiblengpuwedeng may iba't ibang patakaran o abiso ang inyong doktor ukol sa paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na ginawa sa tanggapan ng doktor.

Itinatakda sa Amin ng Batas na:

- Tiyakin na ang pinapanatiling pribado ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan
- Bigyan kayo nitong abiso ukol sa aming mga legal na pananagutan at pamamalakad para sa pagiging pagkapribado ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan
- Sundin ang mga itinatakda ng abiso na kasalukuyang may bisa

Kung Paano Namin Puwedeng Gamitin at Ibahagi ang Impormasyon Tungkol sa Inyong Kalusugan

Puwede lamang magamit o maibahagi ng HPSM ang inyong impormasyon para sa paggamot, pagbabayad at pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan na kaugnay ng mga partikular na programa kung saan kayo naka-enroll. Ang impormasyong ginagamit at ibinabahagi namin ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa:

- Inyong pangalan
- Address
- Mga personal na impormasyon
- Pangangalagang medikal na naibigay sa inyo
- Halaga o presyo ng paggamot sa inyo
- Ang iyong kasaysayang medikal

Ilang Halimbawa Kung Kailan Puwede Naming Magamit o Maibahagi Ang Impormasyon Tungkol sa Inyong Kalusugan

- **Para sa Paggamot**: Puwedeng kailanganin ninyo ang paggamot na nangangailangang aprubahan nang mas maaga. Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga doktor, ospital at iba pa upang makatanggap kayo ng pangangalagang inyong kailangan.

- **Para sa Pagbabayad**: Ginagamit namin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para bayaran ang mga doktor, ospital at iba pang nagkaloob sa inyo ng paggamot. Puwede rin naming ipadala ang mga singil sa iba pang planong pangkalusugan o samahan para sa pagbabayad.

- **Para sa Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan**: Posibleng gamitin namin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan upang masiguro ang kalidad ng pangangalaga na inyong natatanggap. Posible rin naming gamitin ang impormasyong ito sa mga pag-awdit, programa para mahinto ang pandaraya at pag-abuso, pagpaplanong pampinansiya at pansamahan, at pangkalahatang administrasyon.

- **Para sa Mga Katuwang sa Negosyo**: Posibleng gamitin namin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa tagalabas na kompanya na tumutulong sa amin sa pagpapatakbo ng aming planong pangkalusugan.

Iba Pang Gamit ng Impormasyon Tungkol sa Inyong Kalusugan

- **Mga Benepisyo o Serbisyo sa Kalusugan**: Posibleng gamitin namin at ibahagi ang impormasyon tungkol sa kalusugan upang sabihin sa inyo ang tungkol sa mga benepisyo o serbisyo ng HPSM na puwedeng mainteresan ninyo sa pamamagitan ng Mga Programa sa Edukasyong Pangkalusugan (Health Education Programs) ng HPSM.
- **Mga Pagpapasya sa Pagbabayad**: Puwedeng kayong mag-apela, o ang inyong doktor, ospital, o iba pang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, ukol sa mga pasya kaugnay ng pagbabayad sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Puwedeng magamit ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para gawin ang mga pasya sa pag-apela na ito.

- **Pagbabantay sa mga Gawain**: Posibleng ibahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga ahensiya ng pagbabantay sa mga gawaing pangkalusugan na awtorisado ng batas. Kasama sa pagbabantay sa mga gawain ang pag-a-awdit, pagsisiyasat, inspeksiyon, mga gawain sa pagbibigay ng lisensiya, o mga pandisiplinang aksiyon. Kailangan ang mga gawaing ito para masubaybayan ng pamahalaan ang pagsunod ng HPSM sa mga batas at regulasyon.

- **Mga Indibidwal na Kasama sa Inyong Pangangalaga**: Puwede rin naming ibahagi ang iyong impormasyon sa mga taong may kinalaman sa inyong pangangalagang pangkalusugan, o sa inyong pansariling kinatawan.

- **Bayad-Pinsala para sa Mga Manggagawa (Workers Compensation)**: Puwede naming ibigay ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa Bayad-Pinsala para sa Mga Manggagawa o katulad na mga programa. Nagbibigay ang mga programang ito ng mga benepisyo para sa pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

- **Mga Coroner (opisyales ng pamahalaan na kumukumpirma ng kamatayan ng tao), Medikal na Tagasuri, at Direktor sa Punerarya**: Puwede naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan ng mga namatay na miyembro sa mga coroner, medikal na tagasuri at direktor sa punerarya upang maisagawa nila ang kanilang tungkulin.

- **Pagkakaloob ng Organo at Tisyu**: Puwede naming maibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga samahan na kumukuha, nag-iimbak o nagta-transplant ng mga donasyong organo o tisyu.

- **Mga Gawain sa Pampublikong Kalusugan**: Puwede naming maibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para sa mga gawain sa pampublikong kalusugan. Ang mga gawain na ito ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:
    - Upang maiwasan o mapigilan ang sakit, pinsala o kapansanan
    - Upang iulat ang mga kapanganakan o kamatayan
    - Upang iulat ang mga pang-aabuso o pagpapabaya sa bata
    - Upang iulat ang mga problema sa medikasyon at iba pang produktong medikal
    - Upang abisuhan ang mga tao sa pagbawi ng mga produktong puwedeng ginagamit nila
    - Upang abisuhan ang isang tao na puwedeng nalantad sa sakit o nasa peligro na mahawaan o makahawa ng sakit o kondisyon

- **Pagpapatupad ng Batas o Mga Legal na Pamamaraan**: Puwede naming maibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan kung inatasan ng isang opisyal sa pagpapatupad ng batas, bilang tugon sa atas o mandamyento ng korte, at kung hiniling ng mga awtorisadong pederal na opisyal para sa mga gawain sa pambansang seguridad na awtorisado ng batas. Puwede rin naming isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan bilang tugon sa subpoena (ipinadalang sitasyon), o ibang proseso na naaayon sa batas, ngunit limitado lamang ito kung may ginawang

pagsisikap para abisuhan kayo tungkol sa kahilingan o para makakuha ng atas na nagpoprotekta sa impormasyong hiniling.

- **Makalipas ang 50 Taon ng Kamatayan**: Puwede naming maibahagi ang impormasyon tungkol sa kalusugan ng mga namatay na miyembro sa anumang ahensiya kung ang miyembro ay namatay na nang mahigit sa 50 taon.

Kung Kailangan ang Nakasulat na Pahintulot

Kapag gusto naming gamitin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa anumang dahilan na hindi nakalista sa itaas, kailangan naming kumuha muna ng nakasulat na permiso mula sa iyo. Kung ibibigay ninyo ang inyong permiso, puwede ninyong bawiin ito sa pamamagitan ng sulat sa anumang oras.

Ang Inyong mga Karapatan sa Pagiging Pribado

Mayroong kayong mga sumusunod na karapatan hinggil sa impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na aming iniimbak:

- **Karapatan na Humiling ng Mga Restriksiyon.** May karapatan kayong humiling ng restriksiyon o limitasyon sa paggamit o pagbabahagi namin ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Sa inyong hiling, kailangan ninyong sabihin sa amin:
    1. Kung anong impormasyon ang gusto ninyong limitahan;
    2. Kung gusto ninyong limitahan ang aming paggamit ng impormasyon, pagbabahagi ng impormasyon, o pareho; at
    3. Kung kanino ninyo gustong gamitin ang limitasyon.

  Upang humiling ng mga restriksiyon, dapat na gawin nang pasulat ang inyong kahilingan. Tingnan ang pahina 6 para sa mga instruksiyon kung saan maipadadala ang gayong mga kahilingan.

  Tandaan: ***Hindi itinatakda sa amin na sang-ayunan ang inyong kahilingan.*** Kung sasang-ayon kami, susunod kami sa inyong kahilingan, maliban na lamang kung kailangan ang impormasyon upang bigyan kayo ng pang-emergency na paggamot.

- **Karapatan na Humiling ng Mga Kumpidensiyal na Komunikasyon**: May karapatan kayong humiling na makontak namin kayo nang pribado at nang may espesyal na pamamahala. Halimbawa, puwede ninyong hilingin na kontakin namin kayo sa ibang address, sa telepono lamang, o habang kayo ay nasa trabaho lamang.

Hindi namin itatanong sa inyo ang dahilan ng inyong kahilingan. Gagawin namin ang lahat para mapagbigyan ang lahat ng makatwirang kahilingan. Dapat tukuyin ng inyong kahilingan kung paano o saan ninyo gustong makontak. Upang humiling ng espesyal na paraan ng pagkontak sa inyo, dapat na gawin nang pasulat ang kahilingan. Tingnan ang pahina 6 para sa mga instruksiyon kung saan maipadadala ang gayong mga kahilingan.

- **Karapatan sa Pamamaraang Makagamit ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan**: May karapatan kayong makakuha ng kopya ng ilang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na nasa pag-iingat ng HPSM sa mga rekord nito. Sa pangkalahatan, kabilang dito ang mga rekord sa kalusugan at pagsingil. Kailangan ninyong kontakin ang inyong doktor para sa kopya ng inyong medikal na rekord. Puwede kayong hingan ng mga bayad para sa halaga ng pagpapakopya at pagpapadala sa koreo ng mga rekord. Para makakuha ng kopya ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na nasa aming pag-iingat, dapat ninyong isumite nang pasulat ang inyong nakasulat na kahilingan. Tingnan ang pahina 6 para sa mga instruksiyon kung saan maipapadala ang gayong kahilingan.

  Puwede naming tanggihan ang inyong kahilingan na makakuha ng kopya sa ilang kaso. Kung itinanggi ang pamaraang makagamit ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa inyo, ipagbibigay-alam namin sa inyo ang dahilan sa pamamagitan ng sulat. Kapag tinanggihan ang pamamaraang makagamit, puwede ninyong hilingin na repasuhin ang pagtanggi. Ang taong nagsasagawa ng pagrerepaso ay hindi ang taong tumanggi sa inyong hiling. Susundin namin ang kalalabasan ng pagrerepaso.

- **Karapatan sa Talaan ng Mga Pagsisiwalat (Accounting of Disclosures)**: May karapatan kayong humiling ng listahan kung ilang beses naming ibinahagi ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa ibang partido. Tinatawag naming itong talaan ng mga pagsisiwalat. Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat, maliban na lamang ang tungkol sa paggamot, pagbabayad, at pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi rin namin magagawang magbigay ng listahan ng ilang pagsisiwalat, tulad ng mga ginawa para sa pagpapatupad ng batas o kapag binigyan namin kayo ng sariling impormasyon tungkol sa inyong kalusugan kapag humiling kayo nito. Magagawa lamang namin na bigyan kayo ng listahan ng pagsisiwalat nang hanggang 6 taon ang nakakaraan mula sa petsa ng inyong kahilingan.

- **Karapatan na Tumanggap ng Kopya ng Abiso na ito hinggil sa Pagkapribado**: May karapatan kayong humiling ng nakalimbag na kopya ng abisong ito sa anumang panahon. Makukuha rin ang abiso na ito sa aming website sa www.hpsm.org

- **Karapatan sa Pag-amyenda ng Impormasyon Tungkol sa Inyong Kalusugan**: Kung sa inyong pakiramdam ay mali o hindi kompleto ang hawak naming impormasyon tungkol sa inyong kalusugan, puwede ninyong hilingin sa amin na amyendahan ang impormasyon. May karapatan kayong humiling ng pag-amyenda sa mga rekord na nasa aming pag-iingat. Halimbawa, hindi namin puwedeng amyendahan o baguhin ang mga rekord ng inyong doktor.
  Hindi namin kailangang amyendahan ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na:
  - Hindi ginawa ng HPSM;
  - Hindi bahagi ng impormasyong nasa aming pag-iingat;
  - Hindi bahagi ng impormasyon na mapahihintulutan kayong makakuha ng kopya; o
  - Tama at kompleto.

  Kung tatanggihan ng HPSM ang inyong kahilingan na amyendahan ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan, aabisuhan namin kayo sa pamamagitan ng sulat. Makakatanggap rin kayo ng nakasulat na paliwanag kung bakit tinanggihan ang inyong kahilingan. Kapag hindi naming ginawa ang pagbabagong hiniling ninyo, puwede kayong humiling na repasuhin namin ang aming pasya. Puwede rin kayong magbigay ng pahayag na nagsasabi na hindi ninyo sinasang-ayunan ang aming mga rekord, at maiimbak ang pahayag ninyo kasama ng inyong mga rekord. Pakitingnan ang pahina 6 para sa mga instruksiyon kung saan maipadadala ang mga kahilingan para sa pag-amyenda.

- **Karapatan na Matanggap ang Abiso Ukol sa Paglabag**: Nangyayari ang paglabag kapag kinuha, ginamit o isiniwalat ang protektadong impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa paraang lumalabag sa mga kaugnay na batas sa pagkapribado. Inaatasan ang HPSM na ipagbigay-alam sa inyo ang anumang gayong insidente sa loob ng 60 araw nang matuklasan ang paglabag sa pagkapribado ng inyong impormasyon. Ang Kalihim ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health & Human Services) ng Estados Unidos, at sa ilang pagkakataon ay kahit ang midya, ay kailangan ding maabisuhan.

  Ang abiso sa paglabag na natanggap ninyo ay naglalaman ng paglalarawan ng kung ano ang naganap, ang mga uri ng impormasyon na may kinalaman sa paglabag, at ang mga hakbang na dapat ninyong gawin upang protektahan ang inyong sarili mula sa posibleng panganib. Sasabihin din sa inyo ng abiso kung ano ang ginagawa ng HPSM upang siyasatin ang sitwasyon at mabawasan ang panganib nito sa inyo, at upang maiwasan maulit ang mga paglabag.

Mga Pagbabago sa Abiso na Ito

May karapatan kaming baguhin ang abiso na ito. May karapatan kami na gawing epektibo ang binagong abiso para sa lahat ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan na mayroon na kami at gayundin sa anumang impormasyon na matatanggap namin sa hinaharap. Makikita ninyo ang petsa ng pagkakabisa ng Abiso sa itaas na bahagi ng unang pahina. Bukod rito, sa bawat pagkakataon na may mga pagbabago sa abiso, aabisuhan namin kayo sa koreo sa loob ng 60 araw. Maglalagay din kami ng kopya ng kasalukuyang abiso sa aming website sa www.hpsm.org.

Kontakin Kami:

Kung naniniwala kayo na nalabag ang inyong karapatan sa pagkapribado, puwede kayong maghain ng karaingan sa HPSM. Puwede rin ninyong kontakin ang Departamento ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos upang maghain ng reklamo.

Health Plan of San Mateo
Attn: Grievance & Appeals Unit
801 Gateway Blvd., Suite 100
South San Francisco, CA 94080
1-888-576-7227 o **650-616-2850**

Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services
Office for Civil Rights
Attn: Regional Manager
90 7th St., Suite 4-100
San Francisco, CA 94103
1-800-368-1019 o **1-800-537-7697** (TDD)

Hindi kayo parurusahan sa paghahain ng karaingan.

Para sa inyong mga hiling kaugnay sa inyong mga karapatan tulad ng nakalista sa abisong ito, mangyaring magpadala ng inyong nakasulat na kahilingan sa:

Health Plan of San Mateo
Attn: Privacy Officer
801 Gateway Blvd., Suite 100
South San Francisco, CA 94080

Kapag humiling kayo ng kopya ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan, posibleng maningil kami ng kabayaran para sa halaga ng pagkopya, pagpapadala sa koreo o iba pang suplay na may kinalaman sa inyong hiling. Aabisuhan namin kayo sa halaga ng nagastos at puwede ninyong piliin na bawiin o baguhin ang inyong kahilingan sa oras na iyon bago ito maproseso.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Abisong ito, pakikontak ang Serbisyo para sa Miyembro (Member Services). Puwede silang maglingkod sa inyo mula Lunes hanggang Biyerenes, mula 8:00 a.m. - 6:00 p.m. sa **1-800-750-4776** o sa **650-616-2133**. Puwedeng gamitin ng mga miyembro na may kapansanan sa pandinig o pananalita ang California Relay Service (CRS) sa **1-800-735-2929** (TTY) o i-dial ang **7-1-1**.